

Pag-uwi sa Bahay Matapos ang Sunog

Maging Maingat. Maging Ligtas. Protektahan ang Iyong Kalusugan.



Paglilinis ng Abo sa mga Lugar na Walang Pinsala Mula sa Sunog

- Ang abo, uling, alikabok, at iba pang partikulo na nasa hangain ay maaaring naiwan sa **loob** at **labas** ng mga bahay at negosyo.
- Ang abo mula sa mga sunog sa kalikasan (wildfire) ay karaniwang hindi nakakalason ngunit maaaring makairita sa balat, mata, ilong, at lalamunan.
- Ang abo sa hangin ay maaaring magdulot ng pag-atake ng hika sa mga taong may hika na.
- Ang abo, alikabok at mga basura (**partikular na ang mula sa mga nasunog na gusali**) ay maaaring naglalaman ng mga kemikal na nakakalason at mga sangkap na maaaring magdulot ng kanser, kabilang ang asbestos, arsenic, at tingga (lead).

- **Huwag hayaang maglaro ang mga bata sa o sa mga bagay na natabunan ng abo.**

Para maiwasan ang pagkakadikit sa balat, **magsuot ng guwantes na panghugas ng pinggan sa bahay, kamiseta na may mahabang manggas at mahabang pantalon** habang naglilinis. Kung nadapuan ng abo ang iyong balat, hugasan ito kaagad gamit ang maligamgam na tubig at sabon.



Kung hahawak ng sira/basag na materyales (ibig sabihin, salamin, bakal, kahoy, atbp.), magsuot ng guwantes nakayang protektahan laban sa pagkakahywa, gasgas, at tusok (ibig sabihin, guwantes na gawa sa kuwero o Kevlar).

Maaaring magsuot ng itinatapong N-95 na maskara pagkatapos gamitin (disposable N-95 mask) o mas mataas na kalidad habang naglilinis upang maiwasanang paglanghap ng abo at iba pang mga partikulo na nasa hangin. Gayunpaman, hindi ito nagbibigay ng proteksyon mula sa mga gas. Ang mga ito ay maaaring mabili mula sa tindahan ng gamit sa bahay o hardware. **Ang N-95 na mga maskara ay dapat na tama ang pagkakuot**, ng walang puwang sa mga gilid. Ang hindi tamang pagkakuot ng maskara ay katumbas ng hindi pagsusuot ng maskara.



MAHAHALAGANG PAALALA:

- Sundin ang mga tagubilin sa label na nasa pakete para sa wastong paggamit
- Ang mga taong kailangang manatili sa labas ng matagal sa isang lugar na natabunan ng abo ay maaaring makinabang sa paggamit ng mahigpit ang kapit na N95 na respireytor o mas mataas na uri para mabawasan ang kanilang pagkakalantad
- Ang mga N-95 na mga maskara ay maaaring magpahirap sa paghinga, lalo na para sa mga may sakit sa baga o puso



- Subukang huwag palutangin ang abo sa hangin. **Huwag gumamit ng mga pang-hip ng hangin (leaf blower)** o anumang paraan na maaaring magpalutang ng abo sa hangin. **Ang maingat na pagwawalis** ng panloob at panlabas na ibabaw, **kasunod ng basang pagpupunas**, ay ang pinakamahusay na paraan ng paglilinis ng lugar na may abo. Maaaring gumamit ng solusyon na may bleach at tubig para disimpektahin ang lugar kung nais. Basahin ang label sa lalagyan para sa wastong paggamit.
- Magsuot ng **safety goggles** (hindi safety glasses) kung ang paglilinis ay maaaring magdulot ng paglutang ng abo sa hangin **at** kung gumagamit ng mga kemikal na solusyon sa paglilinis, para mapigilan ang pagtilamsik sa mga mata.
- Magsuot ng ligtas na sapatos (safety shoes) o matibay na sapatos na sarado ang dulo at mataas hanggang bukong-bukong (ankle) na gawa sa kuwero kung may mga nasunog na basura (ibig sabihin, basag na salamin, bakal, kahoy, atbp.) sa lugar ng nililinis.
- **Hindi inirerekomenda ang paggamit ng shop vacuum at karaniwang vacuum na gamit sa bahay** sa paglilinis ng abo. Ang mga vacuum na ito ay hindi kayang salain ang maliliit na partikulo at sa halip ay maaaring magpalutang ng mga ito sa hangin kung saan ay maari silang malanghap. Ang mga **nananalang HEPA vacuum** ay may kakayahang salain ang maliliit na partikulo at maaaring gamitin.
- Maaaring itapon ang abo sa regular na basurahan sa pamamagitan ng **paglalagay muna nito sa isang plastik na supot ng basura**; mapipigilan nito ang paglutang ng abo sa hangin at pagkalat habang inaalís ang laman ng basurahan.
- Maligo ng regular sa buong araw kapag naglilinis sa loob at labas ng mga lugar na may abo.

Para sa mas marami pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County sa (888) 700-9995.



COUNTY OF LOS ANGELES
Public Health

Kaligtasan ng Tubig Pagkatapos ng Sunog

Hinihikayat ang lahat ng residente na manatiling laging nalalaman ang tungkol sa kaligtasan ng kanilang suplay ng tubig. **Ang mga Babala sa Di-Ligtas na Tubig** (Pakuluan ang Tubig, Huwag Inumin, Huwag Gamitin, at Huwag Inuman/Huwag Pakuluan) ay maaaring ipatupad dahil sa mga hakbang sa pagtugon sa sunog.



Mangyaring regular na suriin kung may mga Babala o Abiso sa Di-Ligtas na Tubig na maaaring makaapekto sa inyong lugar. Para masigurado na ligtas gamitin ang inyong tubig:

- Bisitahin ang website ng inyong lokal na sistema ng tubig o kontakin ang kanilang nagseserbisyo sa kliyente (customer service).
- Sundin ang anumang tagubilin na nakasaad sa mga Babala sa Di-Ligtas na Tubig.

Pinapayuhan ang mga kliyente sa apektadong lugar na gumamit ng nakaboteng tubig. Kapag nakansela na ang mga Babala sa Di-Ligtas na Tubig at bumalik na ang normal na serbisyo ng tubig, patakbuhan ang mainit at malamig na linya ng tubig hanggang sa makitang malinaw na ang tubig.

Para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa mga babala sa tubig sa inyong lugar, mangyaring bisitahin ang seksyon ng **Mga Babala sa Tubig** sa <https://lacounty.gov/emergency/>

Mga Hayop sa Kalikasan Pagkatapos ng Sunog

Ang mga hayop sa kalikasan na napilitang lumikas dahil sa sunog sa kalikasan (wildfire) ay maaaring pumasok sa inyong ari-arian o tahanan. Ang mga lugar na may naibong basura o mga kalat ay maaaring makaakit ng ligaw na hayop.

- **Ilagay ang basura sa mga lalagyang hindi mapapasok ng daga at may mahigpit na takip para maiwasan ang pag-akit ng mga hayop.**
- **Huwag iwanan ang pagkain ng alagang hayop sa labas.**
- Suriin ang mga lugar kung saan maaaring matulog, magtago, o maghanap ng pagkain ang mga daga at ligaw na hayop. Kung maaari, isara ang mga lugar na ito.
- Protektahan ang iyong sarili sa pamamagitan ng pagsusuot ng guwantes at maskara habang naglilinis ng mga lugar na ito. Hugasan ang iyong mga kamay pagkatapos mong matapos.



Kaligtasan ng Pagkain Pagkatapos Mawalan ng Kuryente



Ang kaligtasan ng pagkain ay maaaring maging isang problema kung matagal ang pagkawala ng kuryente. Kung makaranas ka ng pagkawala ng kuryente o napansin mong may abo, uling, alikabok, at iba pang mga partikulo (particle) sa hangin sa iyong kusina, **iwasan ang sakit na dulot ng kontaminadong pagkain sa pmamagitan ng pagsunod sa mga rekomensiyong ito:**

- Ang anumang mga produkto ng pagkain o inumin na may masamang amoy o palatandaan ng pagkaisra ay dapat itapon. Ang pinakamahasag na kasanayan ay: **“Kung may pagdududa, itapon na.”**
- Sa pangkalahatan, ang pagkain sa loob ng refrigerator ay ligtas kung nawalan ng kuryente ng hindi hihigit sa **4 na oras at** nanatiling nakasara ang mga pinto ng refrigerator at freezer. Ang pananatiling sarado ng mga pinto ng refrigerator at freezer ay nakakatulong sa pagpapanatili ng pinakamalamig na mga temperatura.
- Kung ang pagkawala ng kuryente ay tumagal ng mahigit sa apat na oras o hindi nanatiling sarado ang pinto ng refrigerator, pinakamabuti na **itapon na ang madaling masirang pagkain** tulad ng karne, mga produktong gawa sa gatas at itlog.
- Ang mga pagkaing natunaw sa freezer ay dapat na itapon. **Huwag muling i-freeze ang natunaw na pagkain.** Ang lahat ng iba pang mga pagkain ay dapat suriin para masigurado ang kaligtasan.
- Ang mga plastik na boteng may likido (hal: tubig), na natabunan ng abo ay dapat itapon. **Hindi sapat** na hugasan ang bote dahil ang mga partikulong ito ay nagdudulot ng kontaminasyon sa mga takip, na mahirap linisin ang kontaminasyong ito ng lubusan.
- Ang pagkain na hindi naka-imbak sa mga lalagyan ng hindi tinatagusan ng tubig (waterproof) o hindi pinapasok ng hangin (airtight) at natabunan ng abo ay dapat itapon. Kabilang dito ang mga produktong naka-imbak sa karton o iba pang malambot na pakete.
- Ang pagkaing nakaimbak sa selyado at hindi pa nabubuksang bote o lata o garapon, tulad ng pagkain ng sanggol, ay dapat na ligtas gamitin. Linisin muna bago buksan at ilipat ang laman sa ibang lalagyan bago kainin.

Itapon ang pagkain sa mga supot ng basura at selyuhan itong mabuti bago ilagay sa basurahan. Inirerekomenda ang paggamit ng dobleng supot para mapigilan ang pagdami ng langaw.

Para sa mas marami pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County sa (888) 700-9995.

Tagalog/Filipino [1/23/25]

